**IKALAWANG MARKAHAN**

ARALINN

# 10

Panlingguhang Layunin

**Pag-unawa sa Napakinggan**

Nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa napakinggang teksto.

**Wikang Binibigkas**

Nagagamit ang magagalang na salita sa pagtanggi

**Gramatika (Kayarian ng Wika)**

Nagagamit ang pang-uri sa paglalarawan ng mga makabagong kagamitan

**Pag-unlad ng Talasalitaan**

Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng kasalungat

**Pag-unawa sa Binasa**

Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa kwento sa pamamagitan ng pamatnubay na tanong.

**Estratehiya sa Pag-aaral**

Nakasusulat ng balangkas ng binasang teksto sa anyong pangungusap o paksa.

**1**

Nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa napakinggang teksto
Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ngkasalungat.

**I. Layunin**

1. Naisasagawa ang pagpapatawad.
2. Nakapagbibigay ng hinuha sa kalalabasan ng mga pangyayari sa napakinggang teksto
3. Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar na salita sa pamamagitan ng salungat.

**II. A. Paksang-Aralin**

Pagbibigay ng Hinuha sa Kalalabasan ng mga Pangyayari sa Napakinggang Teksto

**B. Sanggunian** : F5PN-IIj-12, Filipino Yaman ng Lahing Kayumanggi 5, pah. 334, Sining ng Wika at Pagbasa 6 pah. 145, Pluma 5 Wika at Pagbasa pah. 203-205

**C. Kagamitan:** KM, kwaderno, bolpen

**III. Pamamaraan**

A. Balik-aral: Pagwawasto ng takdang-aralin

B. Mga Gawain

1. Pagganyak

   Itanong: Kung ikaw ay isang hayop, ano ang gusto mo at bakit? Magbigay ng ilang katanungan o pahayag na maglalapit sa sagot ng mga bata sa hayop na leon. Ano ba ang mga katangian ng isang leon? Isulat sa pisara ang mga sagot ng bata.

   Sabihin: Ngayon ay babasa tayo ng isang pabula tungkol sa leon. Ngunit bago natin ito basahin gawin muna natin ang Gawain sa Tuklasin Mo sa KM

   Inaasahang sagot sa Tuklasin Mo 1. makalayo 2.malinaw 3. kasiya-siya 4. mapurol 5. nadugtungan

2. Paglalahad

   A. Itanong: Natatandaan ba ninyo ang pabula tungkol kay Leon at Daga noong kayo ay nasa ikatlong baitang? Ano ba ang pabula? Sino –sino ang mga tauhan sa Si Leon at si Daga ?Ano ang tawag natin sa kanila?

Sabihin: Tama sila ay mga hayop. Ang pabula ay mga kwento na ang gumaganap na tauhan ay mga hayop, na ang mga hayop na ito ay kumikilos at nagsasalita tulad ng tao. Nag-iiwan ito ng aral sa mga mambabasa.

Ngayon alam mo na ang pabula, humanda sa pagbasa nang Tahimik sa isang pabula. Ano-ano ang mga pamantayan natin sa pagbasa nang tahimik?

B. Ipabasa nang tahimik ang Basahin Mo

3. Pagtatalakay
   A. Isagawa ang Gawin Ninyo sa Pagyamanin Natin
   B. Isunod ang Gawin Mo.
      Makinig na mabuti sa mga teksto na babasahin ng guro. Piliin ang tamang hinuha tungkol dito.Pumalakpak ng isa kung ang sagot ay titik***a***, dalawa kung ***b***at tatlo kung***c***.

1. Ang mga hayop ay nag-uunahan sa pagkubli pagkat walang gustong makasalubong sa leon. Ano sa palagay mo ang dahilan kung bakit nag-uunahan sa pagkubli ang mga hayop?
a.naglalaro ng taguan ang mga hayop
b.nagtatago ang mga hayop dahil takot sila sa leon.
c.nagtatago ang mga hayop dahil may utang sila sa leon

2. Galit na galit ding pinagsisipa ng usa ang leon, kasama ang iba pang hayop. Ano sa palagay mo ang susunod na mangyayari?
a.lalaban ang leon sa mga hayop
b.madaling mamatay ang leon
c.nakapagpatawad ang mga hayop sa kasalanan ng leon.

3. Pinakikinggan ng leon ang hinaing ng mga kapwa kapwa leon. Magbabago kaya ng isip si leon matapos nyang marinig ang hinaing ng mga hayop?
a.papatayin siya ng mga kapwa hayop
b.magsasaya ang buong kagubatan sa kanyang paglisan
c.mamahalin siya ng mga kapwa hayop

4. Nalaman ng mga kalahi ng leon ang pagpapatawad ng mga hayop sa mapang-abusong leon. Ano sa palagay mo ang magiging damdamin ng mga kalahi ng leon?
a.Susugurin ng mga kalahi ng leon ang nasasakupan ng namatay na leon
b.Matutuwa ang mga kalahi nitong leon at di-gagambalain pa ang mga hayop sa gubat.
c.Maghihiganti ang mga kapwa leon.

5. Humingi ng tawad ang leon sa kanyang mga kapwa hayop sa gubat.
Ano sa palagay mo ang naging damdamin ng leon sa paghingi ng tawad?
a. mapayapang namatay ang leon
b.puno ng galit na namatay ang leon
c. sinumpa ng kapwa hayop hanggang kamatayan ang leon.

4.Paglalahat

A. Gawin ang Isa-isip Mo A at B
B. Mga inaasahang sagot sa pagsasanay B: basahin, unawaing/intindihing, binabasa,pagpapalagay payak

5.Paglalapat
Isagawa ang Isa-puso Mo

## IV. Pagtataya

Isagawa ang Isulat Mo
Narito ang sitwasyong babasahin ng guro.

Talagang matulungin si Mang Nestor.Sa kabila ng kahirapa'y nakukuha pa rin niyang magbigay ng tulong sa mga lumalapit sa kaniya. Hangga't may may maitutulong siya'y kaniya itong ibibigay. Nagsisilbi rin siyang tagapayo sa may mga problema at aliw sa mga nalulungkot dahil sa kaniyang mga kwentong katatawanan. Isang araw, nabalitaan ng mga kanayon niya na siya ay maysakit. Ano sa palagay mo ang gagawin nila?

## V. Takdang-Aralin

Maghanda ng isang dula-dulaang may paksang ukol sa isang palabas sa telebisyon. Magbigay ng palagay sa napanood.

# 2 Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa kwento sa pamamagitan ng pamatnubay na tanong.

I. Layunin
1. Naipapakita ang paggalang sa lider
2. Napagsusunud-sunod ang mga pangyayari sa kwento sa pamamagitan ng pamatnubay na tanong.

II. A. Paksang- Aralin
Pagsusunud-sunod ng mga Pangyayari sa Kwentong Binasa

B.Sanggunian: F5PB-IIj-5.2, Pluma 5 pah. 247, Bagong Filipino sa Salita at Gawa Pagbasa pah.91 Wika Mo, Wika Mo pah. 83-85

C.Kagamitan: video ng awit na may Tatlong Bibe, larawan ng isang korona na pinagputol-putol, larawan ng leon na may malubhang sakit,

III. Pamamaraan
A. Balik-aral- Pagwawasto ng takdang-aralin
B. Pagsasanay
Makinig sa sitwasyong babasahin ng guro. Magbigay ng hinuha o palagay sa pangyayari.

Tila walang gana sa pagkain ang mga anak ni Aling Precy. Napansin niyang di nila nagugustuhan ang pagkaing inihanda niya. Ang asawa naman niya'y madalas na sa labas kumakain. Ano ang dapat niyang gawin upang manumbalik ang gana nila sa pagkain?

C. Mga Gawain
1. Pagganyak
Gamitin muli ang video ng tatlong bibe. Idownload ang link na ito
https://www.youtube.com/watch?v=D7fTtLFQ2N
Itanong: Sino ang lider sa tatlong bibe?
Bilang isang lider, sa anong mga gawain siya nanguna?(pagsabi ng kwak,kwak, kumendenkendeng) Palawakin pa ang usapan tungkol sa mga tungkulin ng isang lider.
Ipagawa ang mag pagsasanay sa Tuklasin Mo

2. Paglalahad
Isagawa ang Basahin Mo
Itanong: Ano ang nabuo ninyong larawan?
Sino ang gumagamit nito?
Sabihin: Tama, hari o reyna
Itanong: May kilala ba kayong hari o reyna?
Sabihin: Ngayon ay babasa kayo ng isang kwento tungkol sa isang hari.
Aalamin natin kung paano magpasya ang isang hari. Paano nya

ipapamalas ang matalinong pagpapasya.

Magtakda ng mga pamantayan sa pagbasa nang malakas. Magbigay ng tanong pagkatapos basahin ang isang talata o pangungusap. Maaring pahulaan sa mga bata ang susunod na mangyayari.

3. Pagtatalakay
   Gawin ang mga pagsasanay sa Pagyamanin Natin

4. Paglalahat
   Isagawa ang Isa-isip Mo

5. Paglalapat
   Sabihin; Balikan natin ang kwento.
   Itanong; Sa inyong palagay,totoo ba na hahatiin ng hari ang bata.
   Tama, nais lamang niya na alamin kung sino ang tunay na ina ng bata upang makapagpasya siya ng tama.
   Dapat ba natin igalang ang mga lider?Bakit? Palawakin pa ang usapan
   Ipagawa ang pagsasanay sa Isa-puso Mo

**IV. Pagtataya**
Isagawa ang Isulat Mo

**V. Takdang –Aralin**
Ipasulat ang gawain sa titik B.
Magtalaga ng tatlong bata para sa gaganaping balagtasan sa susunod na aralin.

## 3

**Nakasusulat ng balangkas ng binasang teksto sa anyong pangungusap o paksa.**

I. Layunin
1. Nakapagpapasya nang tama ayon sa sariling paniniwala
2. Nakasusulat ng balangkas ng binasang teksto sa anyong pangungusap o paksa

II. A. Paksang-aralin
Pagsulat ng Balangkas

B.Sangunian:F5 IIbj-11, Bagong Filipino 5 Sa Salita at Gawa Pagbasa pah 116-117, 150-155, Bagong Filipino 6 pah. 74-75, Binhi 6 Pah. 328-329

C.Kagamitan:kwaderno, papel, bolpen

III. Mga Pamamaraan

A. Balik-aral- Pagwawasto ng takdang –aralin

B. Pagsasanay

Ayusin ang mga kaisipan ayon sa wastong pagkakasunud-sunod. Lagyan ng bilang 1-5

______ a. Natutuwa ang mga kamag-aral sa isang batang matapat.
______ b. Nanghihiram siya ng papel o anumang gamit kapag siya’y walang-wala
______ c. Hindi niya inaangkin ang mga bagay na hiniram niya.
______ d. Tunay na hinahangaan siya ng mga may-ari.
______ e. Kapag nakapulot ng kahit ano, ito ay isasauli niya.

C. Mga Gawain

1. Pagganyak

   Itanong: Alin ang nauna itlog o manok? Bakit ito ang iyong pinili? Anong kaisipan ang iyong pinagbatayan sa pagpili?

   Tanggapin ang anumang isasagot ng bata. Palawakin ang usapan upang malinawan sila sa pagpapasya nang tama.

2. Paglalahad

   Tawagin ang tatlong bata na itinalaga upang isagawa ang balagtasan. Magtakda ng mga pamantayan sa pakikinig.

3. Pagtatalakay

   Isagawa ang mga pagsasanay sa Gawin Ninyo

4. Paglalahat

   Isagawa ang Isa-isip Mo

5. Paglalapat

   Isagawa ang Isa-puso Mo